SUN Bucks 2025

Ano ang SUN Bucks?
Ang SUN Bucks ay nagbibigay sa mga pamilya ng $120 para sa mga karapat-dapat na bata sa isang Electronic Benefits Transfer (EBT) card upang makabili ng mga grocery sa panahon ng tag-araw kapag walang pasok. Ang mga SUN Bucks card ay tinatanggap sa mga lokasyon kung saan tinatanggap ang mga CalFresh EBT card. **Ang pagkuha ng SUN Bucks ay hindi makakaapekto sa katayuan sa imigrasyon ng iyong pamilya.**

Awtomatikong Pagpapatala para sa SUN Bucks 2025
Ang mga batang nakakakuha ng CalFresh, CalWORKs, at/o Medi-Cal na may kita sa o mas mababa sa 185% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level o FPL) ay awtomatikong makakakuha ng SUN Bucks. Ang mga bata na karapat-dapat para sa libre o pinababang presyo na mga pagkain sa ilang partikular na paaralan, batay sa mga kinakailangan sa kita ng sambahayan, ay awtomatikong makakakuha din ng SUN Bucks.

Paano Kumuha ng SUN Bucks?
Kung ang isang bata ay hindi awtomatikong naka-enroll sa SUN Bucks, dapat silang mag-aplay sa kanilang paaralan o opisina ng tagapangasiwa ng paaralan **bago ang Setyembre 2, 2025**, upang malaman kung sila ay kwalipikado batay sa laki at kita ng sambahayan.

- Mga batang hindi nakakakuha ng pampublikong tulong at pumapasok sa isang Community Eligibility Provision o Provision 2 na paaralan, o nakakakuha ng mga pagkain sa paaralan mula sa California's Universal Meals Program **dapat** mag-apply. Ang pagtanggap ng mga libreng pagkain sa paaralan ay **hindi** ginagarantiyahan ang pagpapatala sa SUN Bucks.
- Ang mga batang nakakatanggap ng Medi-Cal ay awtomatikong makakakuha lamang ng SUN Bucks kung ang kita ng kanilang pamilya ay nasa o mas mababa sa 185% ng FPL. Ang ibig sabihin nito ay ilang mga bata na nakakatanggap ng Medi-Cal ay hindi awtomatikong makakakuha ng SUN Bucks. Kasama sa mga karaniwang halimbawa ang mga batang tumatanggap ng Supplemental Security Income o Adoption Assistance dahil nakakakuha ang mga pamilyang ito ng Medi-Cal na hindi sertipikado sa o mas mababa sa 185% ng FPL.

Mga Magiliw na Paalala:

- **Mag-e-expire ang SUN Bucks 122 araw pagkatapos ma-load sa card.** Hinihikayat ang mga pamilya na gastusin ang kanilang SUN Bucks bago ang mga benepisyo ng CalFresh. I-tsek ang mga detalye ng iyong balanse sa www.ebtedge.com.
- **I-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan** sa paaralan ng iyong anak o opisina ng tagapangasiwa ng paaralan, opisina ng mga serbisyong panlipunan ng iyong lokal na county, o sa BenefitsCal.com.
- **Iulat ang anumang mga isyu sa card ng SUN Bucks sa Helpline ng SUN Bucks sa (877) 328-9677.** Ang isang pamilya ay hindi makakakuha ng higit sa isang SUN Bucks card bawat bata, o makakuha ng SUN Bucks mula sa higit sa isang estado.

Gusto Mo Bang Mas Matuto Pa?

- Bisitahin ang www.cdss.ca.gov/SUNBucks.
- Tingnan ang CDSS YouTube SUN Bucks Playlist.
- I-scan ang quick response (QR) na code.

Ang programa ng SUN Bucks sa California ay ginawang posible ng pagpopondo mula sa Departamento ng Agrikultura ng Estados Unidos (US Department of Agriculture o USDA), Serbisyo sa Pagkain at Nutrisyon (Food and Nutrition Service o FNS) at inihahatid sa iyo ng Departamento ng mga Serbisyong Panglipunan ng California (California Department of Social Services o CDSS) sa pakikipagtulungan ng Departamento ng Edukasyon sa California (California Department of Education o CDE).
www.cdss.ca.gov/sunbucks | www.cde.ca.gov/ls/nu/sf | SUNBucks@dss.ca.gov.
Ang USDA ay isang tagapagbigay ng pantay na oportunidad, tagapag-empleyo, at tagapagpahiram. Mayo 2025
Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang: www.fns.usda.gov/summer.